


Si Tito, tulad ni Timoteo, ay isa sa katulong ni Pablo, opisyal na itinalaga sa paglilingkod sa Ebanghelyo at dumalaw sa mga simbahan, na ang taglay na kapangyarihan ay tulad ng kay Pablo.

## 1

1 Si Pablo na utusan ng Diyos,
apostol ni Jesucristo alang-alang sa
pananampalataya ng mga hinirang ng
Diyos at para sa kaalaman ng kato-
tohanang naghahatid sa kabanalan;
2 sapagkat nasa atin ang pag-asa sa
buhay na walang hanggan na mula't mula
pa'y ipinangako na ng Diyos na di
nagsisinungaling; 3 at sa pangangaral na
ipinagkatiwala sa akin sa kautusan ng
Diyos na ating Tagapagligtas, ipinahayag
niya sa takdang panahon ang kanyang
salita, –
4 kay Tito na mahal kong anak sa ating
iisang pananampalataya:
Sumaiyo ang kagandahang-loob at
kapayapaan mula sa Diyós Ama at mula
kay Kristo Jesus na ating Tagapagligtas.

### Ang Matatanda ng Iglesya

• 5 Ito ang dahilan kaya iniwan kita sa
Creta: dapat mong ayusin ang mga hindi
pa ayos at maglagay ng Matatanda sa
bawat bayan ayon sa aking iniutos sa iyo.
6 Dapat silang walang kapintasan, minsan
lamang nag-asawa, may mga anak na
sumasampalataya na di kilala sa pagiging
mahalay o suwail. 7 Ang obispo na taga-
pangasiwa ng Diyos ay dapat na walang
kapintasan, hindi mayabang o magaga-
litin, hindi lasenggo o marahas, o muk-
hampera.

---

• **1.**5 Kinailangan ni Tito na itatag ang mga Iglesya sa Creta, na may pinuno sa bawat lunsod.

Hindi natin alam kung ang titulong Obispo (na nangangahulugang superbisor) ay ipinagkaloob sa lahat ng matatanda o presbitero, o kung ang titulo ay nakalaan lamang sa mga may mas mahalaga pang tungkulin. Pagkaraan ng ilang panahon, isa na lamang obispo ang namamahala sa buong pamayanan. Pagkamatay ng mga apostol, ang mga obispo ang gumanap bilang kinatawan ng mga ito, at pinamahalaan nila ang mga Iglesya nang may katulad na kapangyarihan.

Ang sinasabi rito ni Pablo sa mga katangian ng isang presbitero o obispo ay tulad din sa 1 Timoteo. Bigyang-pansin natin ang mga sumusunod:

– *Minsan lamang ikinasal*. Maliwanag na hindi kailangang makapag-asawa; kung nag-asawa man ay minsan lamang. May ilang kalalakihan – na karaniwang may-asawa – na itinatalaga. Ngunit mayroon ding ilan sa kanila na nakipagdiborsiyo at muling nagpakasal nang ilang ulit noong pagano pa sila.

– *Dapat na walang kapintasan siya*, hindi lamang bilang tao, kundi maging sa kanyang pagpapamilya at sa nakaraan niyang buhay. Tinutugon ng katangiang ito ang mga sumusunod:

– *Mabuting tao at bukas ang tahanan*. Ang simbahan ay higit na pakikipag-isa kaysa pagsasama. Kailangang tanggapin ang bawat isa at magiging panatag ang loob sa bahay ng presbitero at ng obispo; sa kabilang dako, kailangan din niyang magkaroon ng magandang kalooban sa mga kapatid at lider na nagmumula sa ibang pook para ikabuti ng pakikiisa at pang-unawa sa iba-ibang pamayanan.

8 Sa halip, bukas ang tahanan, mabuting tao, marunong magpasya, makatarungan, banal, may kontrol sa sarili. 9 Panindigan niya ang tunay na itinuturo ng Aral upang makapagturo siya ayon sa tunay na aral at patahimikin ang mga tumutuligsa.

10 Talagang marami ang mga suwail, mga nagsasalita ng kalokohan, manlilinlang, lalo na sa mga Judio. 11 Kailangang sarhan ang kanilang bibig dahil pinasasama nila ang mga buong sambahayan sa pagtuturo ng di dapat, para lamang sa pera. 12 Sinabi mismo ng isang tagabayang ito na kanilang propeta: "Laging sinungaling ang mga taga-Creta, mababangis na hayop sila at mga tamad na tiyan." 13 Tunay ang patotoong ito. Kaya mahigpit mong pangaralan sila upang pagalingin ang kanilang pananampalataya 14 at huwag makinig sa mga kuwentong-Judio o sa kautusan ng mga lumihis sa katotohanan.

15 Lahat ay malinis para sa malinis, ngunit walang malinis para sa marurumi na di sumasampalataya. Marumi pati na kanilang isipan at konsiyensya. 16 Sinasabi nilang kilala nila ang Diyos, ngunit pinabubulaanan nila siya sa kanilang mga kilos; kasuklam-suklam sila, suwail at di makagawa ng mabuti.

**Mamuhay bilang mga responsableng tao**

**2** • 1 Sabihin mo ang naaayon sa magandang-aral. 2 Maging simple ang matatandang lalaki, marangal, marunong magpasya, matatag sa pananampalataya, pag-ibig at pagtitiis.

3 Sa mga matatandang babae: maging banal sila sa kanilang kilos, hindi tsismosa o alipin ng alak, magaling sa pagtuturo ng mabuti, 4 upang maturuan nila ang mga kabataang babae na mahalin ang kanilang asawa't mga anak; 5 maging simple, dalisay, masipag sa bahay, mabait, masunurin sa kanilang asawa. Kayat walang lalapastangan sa salita ng Diyos.

6 Sa mga kabataang lalaki: maging simple sila. 7 Ipakita mong huwaran ng mabuting gawa ang iyong sarili sa lahat ng bagay: sa pagtuturo, 8 kalinisan ng konsiyensya, karangalan, sa matinong aral na di matutuligsa upang mapahiya ang mga tumutuligsa sa atin at walang maiparatang sa atin.

9 Sa mga alipin: sundin nila nang lubos ang kanilang mga amo, maging kalugud-lugod, hindi palaban, 10 hindi makati ang kamay. Sa halip, ipakita nilang mapagkakatiwalaan sila at pararangalan ang aral ng Diyos na ating Tagapagligtas.

11 Talaga ngang napakita na sa lahat ng tao ang kagandahang-loob ng Diyos na tagapagligtas. 12 Itinuturo nito sa atin na itakwil ang hindi pagpapakabanal at mga makamundong pagnanasa, at mabuhay na tayo nang seryoso, makatarungan at naglilingkod sa Diyos sa mundong ito. 13 Hinihintay nga natin ang pinagpalang pag-asa: ang pagpapakita ng Luwalhati ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas

---

• **2.**1 Ang unang talata ay nagpapagunita sa mga pananagutan ng iba-ibang grupo na bumubuo sa pamayanan. Ang katapatan at pagtatagal sa "narinig na doktrina" ay kailangang magbunga ng kabutihan, kababaang-loob at malinis na pag-iisip.

*Napakita ang kagandahang-loob ng Diyos na tagapagligtas* (11). Dito, binabalikan ni Pablo ang kahulugan ng mensaheng Kristiyano: ito ay kaloob ng Diyos, kaya kailangang magbunga ng kabutihan at muling pagkakasundo upang ilayo ang mga tao sa pagmamahal sa sarili na ginagawa silang manhid.

*Inialay niya ang sarili para sa atin* (14). Tulad sa Ef 5:25 at sa 1 Cor 11:25, ang pagpapakasakit ni Jesus ay upang dalisayin muna ang mga magiging bayan niya. Ang totoo, sa pagtingin natin kay Jesus, unti-unti, ay napapawawalan natin ang masama at marahas sa ating sarili.

*Itinuturo nito sa atin na itakwil ang hindi pagpapakabanal* (12). Ginagawa ng Diyos na linisin natin ang ating mga layunin at ang ating mga puso.

– *Nang seryoso:* sapagkat dinadala tayo ng Kristiyanong pamumuhay sa higit na marubdob na pag-uugali

– *Makatarungan sa iba:* dahil sa pagiging matuwid kung may kinalaman sa Diyos.

na si Jesucristo. 14 Inialay niya ang sarili
para sa atin upang tubusin tayo sa lahat
ng kasalanan at dalisayin ang isang
bayang pag-aari niya, bayang masigasig
sa mabuting gawa.

15 Ito ang sabihin mo, itagubilin, iutos
nang buong kapangyarihan. Huwag mong
hayaang hamakin ka ninuman.

**3** • 1 Paalaahanan mo silang pasakop
sa mga nasa kapangyarihan. Maging
masunurin sila, handang gawin ang lahat
ng mabuti; 2 huwag nilang insultuhin ang
kapwa o maging palaban; kundi maging
matiisin sila at mabait sa lahat ng tao.

3 Ganito rin tayo noong una: walang-
isip, masuwayin, naliligaw, alipin ng iba't
ibang pagnanasa at kasiyahan, bihasa sa
pamimerhuwisyo at inggit, namumuhi sa
isa't isa. 4 Subalit ang kagandahang-loob
ng Diyos na ating Tagapagligtas at ang
kanyang pag-ibig sa tao ay ipinakita na.
5 At iniligtas niya tayo hindi dahil sa
mabubuting gawa na magagawa sana
natin kundi mula sa kanyang awa. Sa
paghuhugas tayo isinilang at sa Espiritu
Santo naging bago, 6 na masagana niyang
ibinuhos sa atin sa pamamagitan ni
Jesucristo na ating Tagapagligtas. 7 Sa
pagkaligtas natin dahil sa kanyang
kagandahang-loob naging tagapagmana
rin tayo na umaasa sa buhay na walang
hanggan.

• 8 Totoo ang pangungusap na ito at
gusto kong panindigan mo ito upang
magsikap ang mga sumasampalataya sa
Diyos na gumawa ng mabuti. 9 Ito ang
maganda at kapakipakinabang sa mga
tao. Subalit layuan mo ang usapan ng
mga hangal, ang tungkol sa mga talaang-
kanan, ang mga diskusyon at pagtatalo
tungkol sa Batas. Walang kuwenta at
walang saysay ang mga ito.

10 Pagsabihan mo minsan ang lumilikha
ng pagkakawatak-watak; at pagkatapos
pagsabihan nang makalawa, iwasan mo
na siya. 11 Sapagkat nalinlang na at nag-
kakasala ang taong iyon, siya mismo ang
humahatol sa kanyang sarili.

12 Pagkasugo ko sa iyo kina Artemas at
Tikico, agad mo akong puntahan sa
Nicopolis sapagkat ipinasya kong doon
tumira sa taglamig. 13 Tulungan mo si
Zenas na abogado at si Apolo sa kanilang
paglalakbay, upang huwag silang kula-
ngin ng anuman. 14 Ang atin ay dapat ding
matutong gumawa ng mabuti para sa
anumang pangangailangan, at huwag
manatiling walang-silbi.

15 Kinukumusta ka ng lahat kong
kasama. Ikumusta mo naman kami sa
mga nagmamahal sa amin sa pananam-
palataya.

Sumainyong lahat ang kagandahang-loob.

---

– *Naglilingkod sa Diyos:* sapagkat ang mananampalataya ay nakatalaga sa Diyos.

• **3.**1 Sa pagsasalita ni Pablo sa unang salinlahi ng Kristiyano, iginiit niya ang pagbabago ng isang nagbabalik-loob: sa pagiging Kristiyano ay kailangan ang pagtalikod sa nakaraan. Ngunit sa sumunod na salinlahi, samantalang itinatatag ang Iglesya sa iba't ibang lalawigan ng Imperyong Romano, lumalabo naman ang pag-asa sa namimintong pagbabalik ni Kristo. Kaya nga, kung dapat magtagal ang Iglesya sa maraming taon, mahalagang makilala ang isang Kristiyano bilang huwaran ng maayos at matuwid na buhay. Kaya iginigiit ni Pablo na dapat tanggapin ng mananampalataya ang kasalukuyang lipunan at sundin ang mga batas at pinuno ng kanyang bansa sa lahat ng hindi laban sa paniniwala.

Binigyang-diin din ang kaisipang ito sa 2:5 at 2:10 at gayundin sa 1 Tim 2:2 at 2:11.

• 8. Ginagamit ni Pablo dito ang salitang "sekta" (10) na ang kahulugan ay bumukod o magbukod. Sa halip na tanggapin ang pananampalataya gaya ng itinuturo ng Iglesya, nagbubukod ang "erehe" o taga-sekta ng kung ano ang higit na mahalaga sa kanya at kung alin ang lalong nagugustuhan niya. Tinatanggihan niya ang isang bahagi ng mensahe at gayundin naman siya bumubukod sa Iglesya upang bumuo ng sarili naman niyang grupo. Sa pagpili niya sa kanyang sariling pagpapasya, nawawala ang diwa ng pananampalataya. Winawasak niya ang pagkakaisa at hinahatulan ang kanyang sarili gayong iniingatan niya ang mahalagang bahagi ng mensahe.